



IMUS, MAHAL KONG BAYAN

BAN AAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

BAGONG PABAHAY SA IMUS, SINIMULAN NA!



Ginanap ang groundbreaking ceremony ng itatayong mid-rise condominium housing project sa Imus nitong Mayo 28, 2024, malapit sa New Imus City Government Center sa pangunguna nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, kasama sina Department of Human Settlements and Urban Development Secretary Jose Rizalino Acuzar, Megawide Construction Corporation CEO at PH1 World Developers (PH1WD) Chairman at CEO Edgar Saavedra, at PH1WD President Gigi Alcantara.

Ayon kay Mayor AA, ang pag-uumpisa ng naturang housing project ay ang katuparan sa hiling ng kaniyang administrasyon at ng mga Imuseñong magkaroon ng maayos na tahanan.

"Ito na po yung katuparan, ito na po yung hinihiling natin... [P]inangako natin sa ating mga kababayang mahihirap na magkakaroon sila ng marangal, maayos, at ligtas na pamayanan. At dito mismo sa site na 'to, itatayo ang kanilang pangarap sa kanilang magandang pamilya."

Sa ilalim ng programang Pambansang Pabahay Para sa Pilipino Housing (4PH) ng pamahalaan tinatayang nasa 1,100 pamilya ang kayang mabigyan ng bagong bahay na itatayo sa 1.3 ektaryang lupain.



CITY GOVERNMENT OF IMUS
facebook.com/CityOfImus

MAY 2024 ISSUE

MUNTING PARAISO SA IMUS: PAGBUBUKAS NG KAUNA-UNAHANG PARKE PARA SA MGA IMUSEÑO SA LAHAT NG EDAD



Opisyal na binuksan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang kauna-unahang parke para sa lahat ng mga Imuseño, higit sa mga senior citizen, sa pagbabasbas ng Juan Munti Park: Munting Paraiso nitong Mayo 20, 2024, na matatagpuan sa Tahimik St., Brgy. Toclong I-A.

Tampok sa 2,260 squared-meter na parke ang exercising area para sa 20 senior citizens, palaruan ng mga bata — kabilang na ang slides, see-saw, spring riders, at swings — picnic area para sa 30 katao, activity area para sa mga alagang hayop, palikuran, at apat na parking spaces.

Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pagpapasinaya sa parke na isa sa kaniyang mga imprastrakturang inisyatiba, habang buong suporta ang ibinigay rito ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula.

Bahagi rin ng inagurasyon ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus sa pangunguna ni City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan.

Ipinahayag naman nina City of Imus – Office of the Senior Citizens Affairs Officer-in-Charge (OIC) Luzviminda Elbinias at Imus City Tourism and Heritage Office OIC Dr. Jun Paredes ang kanilang mithiing maging tulay ang parke sa pagpapatibay ng komunidad.

Dinaluhan din ito ng iba pang department at unit heads ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at mga kapitan ng mga barangay sa Toclong.

Ang Juan Munti Park ay ipinangalan kay Juan "Munti" Villanueva, isang rebolusyonaryong Imuseño na nakipaglaban sa Himagsikang Pilipino noong 1897 at pumanaw sa edad na 11.

Hangad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na mabigyang-pugay ang ipinamalas na katapangan at pagmamahal sa bayan ni Juan "Munti" sa kabila ng kaniyang murang edad, gayon din ang pag-alaala sa kaniyang naging buhay sa Toclong.

Bukas ang Juan Munti Park araw-araw mula ikaanim ng umaga hanggang ikasiyam ng gabi.

700 ASO'T PUSA, NAKATANGGAP NG LIBRENG KAPON, MICROCHIP, AT ANTI-RABIES

Nakipagtulungan ang Imus City Veterinary Services Office sa Biyaya Animal Care para sa isang Veterinary Medical Mission noong Mayo 9, 2024 na ginanap sa Tishabet Fields, Brgy. Toclong II-A.

Sa 700 alagang aso at pusa, 300 dito ang nakapon, 200 ang nabigyan ng microchip, at 200 ang naturukan ng bakuna kontra rabis.

Nakasama rin ang Vitality, Pawnec Philippines, Petdentity, at si Konsehal Totie Ropeta na naghandog ng munting regalo sa mga beterinaryo, kaagapay ang Imus City Tourism and Heritage Office.

Nakatanggap din ang fur parents ng libreng taho mula kay Konsehal Enzo Asistio at libreng ice cream mula kay Konsehal Sherwin Comia.

Patuloy naman ang paghahatid ng Imus City Veterinary Services Office ng libreng bakuna kontra rabis para sa mga aso at pusa sa iba't ibang barangay sa Imus.





EMPLEYA-GO! PRODUCTIVE EMPLOYMENT AND DECENT WORK FOR YOUTH HATID NG IMUS LGU

Kinumusta ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang mga kabataan sa idinaos na “Empleya-GO! Productive Employment and Decent Work for Youth” seminar na ginanap sa Function Hall ng New Imus City Government Center bilang pakikiisa sa Araw ng mga Manggagawa.

Sa pakikipagtulungan ng City of Imus – Youth Affairs Office (YAO) sa Imus Public Employment Service Office at sa Local Council for the Protection of Children, layon ng nasabing seminar ang maipaalam sa mga kabataan ang kasalukuyang estado ng pagtatrabaho sa bansa at ang mga isyung may kaugnayan sa mababang sahod at diskriminasyon sa trabaho.

Ibinahagi ni Anne Faye Gloria ng Department of Labor and Employment sa mahigit 200 kabataan ang Labor Code of the Philippines at ang employment trends.

Nagbigay rin ng mensahe sina City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan, Board Member Chelsea Sarno, Sangguniang Kabataan Federation President Glian Ilagan, Imus YAO Officer-in-Charge Jericho Reyes, at PESO Manager Leng Casing.



KALOG CLEANUP DRIVE ISINAGAWA BAGO ANG TAG-ULAN

Pinangunahan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang pagsasagawa ng Kanal at iLOG (KALOG) Cleanup Drive sa Saradpon, Brgy. Pag-asa III at Tokwahan, Medicion II-B noong Mayo 17, 2024, bilang paghahanda sa nalalapit na tag-ulan.

Kinumusta ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula at ng mga konsehal ang nasabing paglilinis na pinangunahan ng river rangers ng Imus City Environment and Natural Resources Office at ng Engineering Action Team ng Imus City Engineering Office.

Hangad ni Mayor AA at ng river rangers na maging kaisa ang mga Imuseño sa kalinisan ng mga daluyan ng tubig sa lungsod upang maiwasan ang pagbaha tuwing tag-ulan.



IMUS LGU NAKIISA SA NATIONWIDE ROAD CLEARING OPERATIONS

Sa pagtutulungan ng Liga ng mga Barangay (LNB) at Imus Task Force, matagumpay na naisagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Nationwide Road Clearing Operations noong Mayo 10, 2024, sa mga pangunahing kalsada sa Imus.

Bahagi rin ng naturang operasyon sina LNB President Reymundo Ramirez, Department of the Interior and Local Government (DILG) City Local Government Operations Officer Joseph Ryan Geronimo, at Task Force Head Simon Lara.

Ang pagsasagawa ng road clearing operations ay alinsunod sa DILG Memorandum Circular No. 2024-053.

Inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Chikiting Ligas Immunization Campaign 2024 noong Mayo 3, 2024 sa City Health Office (CHO) 3 – Greengate na pinangunahan nina City Mayor Alex “AA” L. Advincula, Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan at ng Imus CHO.

Sentro ng kampanya ang malawakang pagbabakuna ng Bivalent Oral Polio Vaccine (bOPV) sa buong bansa sa pamamagitan ng pagbabahay-bahay ng mga barangay health worker upang mahikayat ang mga magulang na pabakunahan ang kanilang mga anak.

Bagama’t idineklarang polio-free ang Pilipinas noong 2021, mataas pa rin ang banta ng naturang sakit sa mga bata, ayon sa 2022–2023 risk assessment ng World Health Organization.

Target ng malawakang pagbabakuna na 95% ng mga sanggol at batang edad 0–23 buwan ang makumpleto ang bakuna kontra polio, habang 95% ng mga batang edad 24–59 na buwan ang makatanggap ng isang dose ng bOPV.

Kaisa rin ang lokal na pamahalaan ng Imus sa panawagan ng Department of Health na kumpletuhin ng mga magulang ang mga kinakailangang bakuna ng mga bata upang magkaroon ang mga ito ng sapat na proteksyon mula sa vaccine-preventable diseases.

Magtatagal ang Chikiting Ligas Immunization Campaign ngayong Hunyo 2024.



CHIKITING LIGAS 2024: MALAWAKANG PAGBABAKUNA KONTRA POLIO



2ND CONGRESSMAN AJ CUP INTER-MOTHER BARANGAY BASKETBALL TOURNAMENT, NAGSIMULA NA

Pormal nang binuksan ni Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula ang Second Congressman AJ Cup Inter-Mother Barangay Basketball Tournament nitong Mayo 25, 2024, sa City of Imus Sports Complex, kung saan maglalaban-laban ang 20 koponan mula sa iba’t ibang barangay sa lungsod.

Kaagapay rito ang Kings of the Court, Imus City Sports Development Unit, at ang buong Pamahalaang Lungsod ng Imus na pinangungunahan ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula.

Sa kaniyang pagbati, pinaalalahanan ni Cong. AJ ang mga manlalaro na huwag magkasakitan dahil isa itong friendly basketball tournament.

“Alam kong pisikal ang basketball pero ayaw kong nagkakasakitan kayo. Ingatan natin ang ating mga kakampi, at ingatan din natin ang ating mga kalaban,” pahayag ng kongresista.

Inilahad din ni Cong. AJ na doble ang premyong matatanggap ng mga magwawaging koponan kumpara noong kauna-unahang AJ Cup Basketball Tournament. Makatatanggap ng P200,000 ang hihiranging kampeon, P175,000 ang makasusungkit sa ikalawang puwesto, at P100,000 ang makapapasok sa ikatlong puwesto.

Bago ang opisyal na pagsisimula, nagpaligsahan ang mga muse ng mga koponan. Tagumpay ang Palico na makuha ang titulong Best Muse at ang cash prize na P10,000.

Buena mano ring nanalo ang Palico sa puntos na 87-72 kontra Poblacion para sa first game, habang wagi ang Malagasang 1st sa puntos na 70-63 laban sa Buhay na Tubig para sa second game.

Saksi rin sa pagsisimula ng nasabing liga sina Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan at mga konsehal.

Ito na ang ikalawang taon ng Congressman AJ Cup Inter-Mother Barangay Basketball Tournament.

Pinangunahan ni Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula ang paglunsad ng Ayuda para sa Kapos ang Kita Program (AKAP) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa Imus nitong Mayo 18, 2024, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Imus.

Tinatayang nasa 850 Imuseño minimum wage earners ang pinagkalooban ng P3,000 halaga ng pinansyal na tulong na mula sa pondo ng tanggapan ni Pangulong Ferdinand “Bongbong” Marcos Jr. kaagapay si House Speaker Martin Romualdez.

Bahagi rin ng programa sina City Mayor Alex “AA” L. Advincula, Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan, at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

Ang AKAP ay isa sa mga programa ng DSWD na layong matulungan ang minimum wage earners na nasa low-income category.



**AKAP: 850 IMUSEÑO
NAKATANGGAP NG P3,000
HALAGA NG PINANSYAL NA TULONG**

NHCP, IMUS GINUNITA ANG PAMBANSANG ARAW NG WATAWAT AT IKA-126 NA ANIBERSARYO NG LABANAN SA ALAPAN



Naging espesyal ang pagdiriwang ng Pambansang Araw ng Watawat at ng ika-126 na Anibersaryo ng Labanan sa Alapan nang pangunahan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang paghawi sa tabing ng Bantayog ng Labanan sa Alapan ngayong Martes, Mayo 28, 2024, sa Alapan Rotonda, Brgy. Alapan II-B.

Nasaksihan ng mga opisyal ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP) sa pangunguna ni Executive Director Carminda Arevalo at ng lokal na pamahalaan ang pagbabasbas at ang pagbabahagi ni Mattius B. Garcia, isang realismong sosyalistang manlilikha at iskultor, ang kanyang inspirasyon sa paglikha ng naturang bantayog.

Inilahad din ang lokal na marker ng monumento na sinundan ng isang maikling parada patungo sa Dambana ng Pambansang Watawat, Imus Heritage Park, kung saan pinangasiwaan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at ng mga opisyal ng lungsod ang sabayang pagtataas ng watawat ng Pilipinas. Pinangunahan naman ni Konsehal Atty. Wency Lara ang Panunumpa sa Watawat.

Sa pangunguna ni NHCP Chairperson Lisa Guerrero Nakpil, isinagawa ang pag-aalay ng bulaklak kay Inang Laya kasama ang AFP at sina Cavite Third District Representative Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, City Mayor Alex "AA" L. Advincula, at City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan.

Naging mainit din ang pagtanggap ni Cong. AJ sa panauhing pandangal na si NHCP Chairperson Guerro Nakpil. Ibinahagi ng tagapangulo ng ahensya ang kaniyang kahanga-hangang kaalaman tungkol sa kasaysayan bilang isang tanyag na pampublikong mananalaysay, kurador, at manunulat.


Iginawad naman ni Mayor AA sa tagapangulo ng komisyong pangkasaysayan ang "Key to the City of Imus" kasabay ng pag-awit ng Department of Human Settlements and Urban Development Harmonic Voices.

Batay sa Presidential Proclamation No. 374, taong 1965, ang Mayo 28 ay National Flag Day upang alalahanin at bigyang-pugay ang kagitingan ng mga Pilipinong nakipaglaban at nakamit ang tagumpay laban sa mga Kastila noong Mayo 28, 1898, sa Labanan sa Alapan na naging mitsa upang tuluyang makamtan ang Kalayaan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898.

Ang selebrasyon ay naging hudyat din ng pagsisimula ng mga Pambansang Araw ng Watawat mula Mayo 28 – Hunyo 12, 2024, na may temang "Kalayaan. Kinabukasan. Kasaysayan," alinsunod sa Executive Order No. 179, taong 1994.

Ipinahayag din ng NHCP na unang ibinandera ni Hen. Emilio Aguinaldo ang kinikilalang Pambansang Watawat noong hapon ng Mayo 28, 1898, matapos ang matagumpay na laban ng puwersang Pilipino sa Labanan sa Alapan.

16 IMUSEÑO NAGTAPOS SA FARMERS' FIELD SCHOOL ON URBAN GARDENING



Matagumpay na nagsipagtapos ang 16 na mag-aaral ng Farmers' Field School on Urban Gardening ng City Agriculturist's Office nitong Mayo 29, 2024, na ginanap sa Wellness Center ng New Imus City Government Center.

Personal na binigyang-pagbati nina Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan at Konsehal Totie Ropeta — tagapangulo ng Komite ng Agrikultura at Kabuhayan at Repormang Pansakahan — ang mga nagsipagtapos.

Nakatanggap din ang mga ito ng electric fan mula kay City Mayor Alex "AA" L. Advincula.

Matatandaang inilunsad ang Farmers' Field School noong Marso 7, 2024, na may layuning maituro sa mga magsasaka at may interes sa pagtanim ng gulay at prutas ang mga kaalaman patungkol sa urban gardening.

Ilan sa mga natutunan ng mag-aaral ang mga dapat paghandaan sa pagtanim, transplanting, agro-ecosystem analysis, mga kinakailangang gawin para sa kalusugan ng mga tanim, Simple Nutrient Addition Program (SNAP) Hydroponics, pest control, paggawa ng organic fertilizer, bookkeeping, pag-ani, at urban gardening plan and layout.

IMUS NAKIISA SA INTERNATIONAL AIDS CANDLELIGHT MEMORIAL DAY

Isinagawa ng Imus City Health Office, katuwang ang Imus Reproductive and Wellness Center, ang isang candlelight memorial nitong Mayo 24, 2024, sa City of Imus Sports Complex para sa pag-alaala sa mga namayapa dahil sa sakit na AIDS at upang maitaas ang kamalayan at maitama ang maling impormasyon ukol sa naturang sakit at sa HIV.

Gamit ang mga kandila, bumuo ng human ribbon ang humigit-kumulang 200 kataong sumusuporta at apektado ng sakit na AIDS at HIV.

Nagbahagi rin ng mensahe sina Regional Project Officer Symson Maquera ng Sustained Health Initiatives of the Philippines, Provincial HIV/AIDS Coordinator Haydelisa Maderazo, Imus City Health Officer Dr. Ferdinand Mina, at SAIL Cavite Clinic Manager Joseph Allomar Angam.

Nagbigay-inspirasyon naman ang HIV patient na si Joe Carl Miking sa mga tulad niyang nagpapagaling mula sa nasabing sakit.

Nakasama rin dito sina Dr. Keith Alexius Wangkay at Julienne Christine Aurellado, RN mula sa Department of Health Calabarzon, City Social Welfare and Development Officer-in-charge Josephine Villanueva, RSW, at Registered Social Worker Bienvenido Juan Bondoc.

Ang sakit na HIV o human immunodeficiency virus ay may lunas at hindi agarang naipapasa sa iba.

Malimit itong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik nang walang proteksyon — hindi pagsusuot ng condom o hindi pag-inom ng HIV medicine para maiwasan ito — o paggamit ng gamit nang injection.

Humahantong lamang sa AIDS o acquired immunodeficiency syndrome ang HIV kapag hindi ito naagapan. Kaya't hinihikayat ng pamahalaan ang publiko na regular na sumailalim sa HIV screening para maagapan ang sakit na ito.

Idinaraos tuwing ikatlong Linggo ng Mayo ang International AIDS Candlelight Memorial.



1ST AJAA INVITATIONAL SOFTBALL TOURNAMENT INUMPISAHAN

Matagumpay ang pagsisimula ng kauna-unahang AJAA Invitational Softball Tournament noong Mayo 4, 2024 sa City of Imus Grandstand and Track Oval.


Magkakasamang binuksan nina Governor Jonvic Remulla, Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, General Trias City Mayor Jon-Jon Ferrer, General Trias City Vice Mayor Jonas Porto Labuguen, Alfonso Municipal Councilor Bong Vidallon, Cavite City Councilor Renan Montoya, Chief of Staff Jeff Salamat, Tanza Sangguniang Kabataan (SK) Federation President Patrick Bocalan, at Bacoor SK Federation President Plambuncio ang naturang paligsahan.

Maglalaban-laban para sa kampeonato ang Imus AJAA Sluggers, Bacoor Strikers, Batang Alfonso, Batang Gentri, Dasmariñas Monarch, Tanza Mariners, Trece the Martyrs, UnladCavite, at Unlad Noveleta.

Nakatakdang mag-uwi ng P180,000 ang tatanghaling kampeon, P150,000 ang first runner-up, P100,000 ang second runner-up, P75,000 ang third runner-up, at P50,000 para sa consolation prize ng limang koponan.

Magtatagal ang First AJAA Invitational Softball Tournament hanggang Hunyo 2024.

AKSYON CENTER – EXTENSION OFFICE PINASINAYAAN NI CONG. AJ



Pormal na binuksan ni Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula, kaagapay si City Mayor Alex “AA” L. Advincula, ang Aksyon Center – Extension Office noong Mayo 13, 2024, sa Old Imus City Hall Bldg., Brgy. Poblacion IV-C.

Layon nitong mas mailapit sa mga Imuseño ang kanilang mga pangunahing pangangailangan gaya ng tulong medikal, pinansyal, at pampalibing sa pamamagitan ng programang Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) ng Department of Social Welfare and Development, pagbibigay ng guarantee letters para sa pagpapaospital, at laboratory tests.

Matatagpuan din dito ang “Wish Cong Lang” drop box para maipaabot ng mga Imuseñong kapos-palad ang kanilang mga kahilingan kay Cong. AJ.

Sa kaniyang talumpati, inilahad ng kongresista na ayon sa mga isinagawang pag-aaral ng kaniyang tanggapan at ng tanggapan ni Mayor AA, napag-alaman nilang mayroong mga barangay sa Imus na kailangan pang pagtuunan ng pansin.

“May mga ginawang pag-aaral. May mga survey na ginawa. At dito sa survey na ‘to, napansin namin ni Mayor na may mga hindi kami nabibigyang-pansin, o mas napapansin namin ‘yong mas malapit doon sa city hall,” ipinahayag ni Cong. AJ.

Kaya’t isa ang extension office ng Aksyon Center na nakalaan para sa Clusters 2, 5, at 8 sa mga nakalatag nilang programa at proyekto kaugnay ng layuning ito. Dumalo rin sa isinagawang ribbon cutting at pagbabasbas ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

“Huwag po tayong magsawang tumulong, mas masarap ang tumutulong kaysa sa tinutulungan . . . Sa dulo nito, lahat tayo ay aasenso at gagaan ang ating buhay,” ani Mayor AA.



2,440 SIKLISTA, LUMAHOK SA KAUNA-UNAHANG SHOPWISE BIKE FEST

Umabot sa humigit-kumulang 2,440 batikan at baguhang siklista ang pumadyak sa kauna-unahang Shopwise Bike Fest noong Mayo 19, 2024, na ginanap sa Ayala Vermosa Sports Hub.

Tampok ang pitong kategoryang para sa lahat, layon ng pinakamalaking event na idinaos sa nasabing sports hub ang mahikayat ang publiko na magbisikleta.

Kabilang dito ang nasa 120 Imusiklistang nakatanggap ng libreng ride mula kina City Mayor Alex “AA” L. Advincula at Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula bilang pagsuporta sa pagiging aktibo ng mga Imuseño at mapagtibay pa ang samahan ng komunidad.

Ang Shopwise Bike Fest ay pinangunahan ng Shopwise at IRONMAN Group sa pakikipagtulungan sa Pamahalaang Lungsod ng Imus at sa Ayala Vermosa Sports Hub.



KAUNA-UNAHANG REGIONAL BUNTIS SUMMIT NG DOH-CHD CALABARZON, IDINAOS SA IMUS

Inilunsad ng Department of Health (DOH)-Center for Health Development (CHD) Calabarzon ang First Regional Buntis Summit nitong Mayo 24, 2024, sa City of Imus Sports Complex bilang pagdiriwang sa "Safe Motherhood Week."

Layon nitong matiyak ang ligtas na pagbubuntis ng mga kababaihan sa pamamagitan ng komprehensibong pagsusuri at edukasyon sa kalusugan.

Naging kaagapay rito ang Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite, Pamahalaang Lungsod ng Imus, ABS-CBN Lingkod Kapamilya, at Safe Motherhood Calabarzon.

Bukod sa libreng konsultasyon, laboratory screening, at ultrasound, sentro ng Buntis Summit ang maipaalam sa humigit-kumulang 200 buntis kung ano ang kanilang dapat gawin sa unang tatlong buwan ng pagbubuntis. Nakatanggap din ang mga ito ng maternity at newborn kits.

Nagbahagi naman ng kanilang kaalaman ang mga doktor mula sa DOH-CHD, Cavite Provincial Health Office, Imus City Health Office, at Ospital ng Imus.

Nakasama rin sa naturang buntis summit sina Chief of Local Health Support Division Dr. Ma. Elena G. Castillo-Gonzales ng DOH-CHD, Development Management Officer V Dr. Ronaldo Calingasan ng Provincial DOH Office-Cavite, Cavite Provincial Health Officer II Dr. Nonie John Dalisay, at Imus City Health Officer Dr. Ferdinand Mina.

Ipinaabot naman ni Special Assistant to the Mayor Jeff Purisima ang pagsuporta ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa mga programang nagsusulong sa kaligtasan ng mga ina at kanilang anak.

Sa bisa ng Proklamasyon Blg. 200, taong 2002, ang ikalawang linggo ng Mayo kada taon ay kinikilala bilang "Safe Motherhood Week" na layong maiwasan ang pagtaas at maibaba ang bilang ng mga nanay at sanggol na namamatay kaugnay ng pagbubuntis at panganganak.

550 BAG NG BINHI NG PALAY, IPINAMAHAGI



Nanguna si City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa pamamahagi ng 550 bag ng binhi ng palay sa 124 na magsasakang Imuseño nitong Mayo 30, 2024, na ginanap sa City Plant Nursery, City Ecological Village, Brgy. Malagasang I-G.

Bahagi ito ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) - Seed Program ng Department of Agriculture upang matulungan ang mga magsasaka sa kanilang pagtatanim at pag-ani ng mga palay.

Katuwang din dito ang City Agriculturist's Office at si Konsehal Totie Ropeta na tagapangulo ng Komite ng Agrikultura at Kabuhayan at Repormang Pansakahan.

EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief: Ervin Ace H. Navarette

Managing Editor: Nikki Elline C. Barco

Head Writer: Francesca Mandac

Art Directors: Christian Yunson
Elai Lardizabal

Photo Credits: City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman



Inilathala ng:
IMUS CITY INFORMATION OFFICE

2F Imus City Government Center

Email: imuscityinformationoffice@gmail.com

www.cityofimus.gov.ph